


# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 5: NOLI ME TANGERE Ang Paggising



**Filipino – Ikasiyam na Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikaapat na Markahan – Modyul 5: NOLI ME TANGERE – Ang Paggising**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban samodyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	July G. Saguin	Adela S. Luang	Myra C. Rafanan
	Azmabeth C. Hamoy	Aileen T. Page	Rhodora L. Woo
<b>Editor:</b>	Lindo O. Adasa, Jr.	Susan Bellido	
	July G. Saguin	Philip D. Caermare	
<b>Tagasuri:</b>	Jephone P. Yorong,		
<b>Tagaguhit:</b>	Edgardo P. Jamilar, Jr.		
<b>Tagalapat:</b>	Peter A. Alavanza	Gilbert R. Esguerra	
<b>Tagapamahala:</b>	Dr. Isabelita M. Borres		
	Eugenio B. Penales		
	Sonia D. Gonzales		
	Felix Romy A. Triambulo		
	Ella Grace M. Tagupa		
	Jephone P. Yorong, Ed. D.		

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City  
E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

# **Filipino**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 5:**

**NOLI ME TANGERE**

**Ang Paggising**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***




Magandang buhay, mag-aaral! Kumusta ka? Binabati kita sa iyong masigasig na pagsubaybay sa nobelang *Noli Me Tangere*. Alam kong sabik ka nang mapag-aralan ang kasunod na mga araling kaugnay rito.

Ang modyul na ito ay pinamagatang "*Ang Paggising*" kaya't inaasahang maglalaman ito ng mga makatotohanang pangyayari na maiuugnay mo sa ilang pangyayari sa kasalukuyan. Inilalahad din ang mga kaugaliang binanggit sa mga kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman sa kulturang Asyano.

**Sa modyul na ito ay inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:**

- Natitiyak ang pagkamakatotohanan ng akdang napakinggan sa pamamagitan ng pag-uugnay sa ilang pangyayari sa kasalukuyan. **(F9PN-IVe-f-59)**
- Naipaliliwanag ang mga kaugaliang binanggit sa kabanata na nakatutulong sa pagpapayaman sa kulturang Asyano. **(F9PB-IVe-f-59)**
- Naipaliliwanag ang iba't ibang paraan ng pagbibigay- pahiwatig sa kahulugan. **(F9PT-IVe-f-59)**



## Subukin

Halina't ating sukatin ang iyong nakaimbak na kaalaman ukol sa kasanayang pagtitiyak sa pagkamakatotohanan ng akda sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa ilang pangyayari sa kasalukuyan. Subuking sagutin ang mga sumusunod na aytem para sa paunang pagtataya.

### **(Para sa aytem 1-5)**

Panuto: Pag-uugnayin ang pangyayari sa mga kabanata ng nobela na nasa kahon sa ilang kasalukuyang kaganapang matatagpuan sa bawat bilang. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.

- A. Pagpapatang kay Crispin na nagnakaw sa limos ng simbahan kahit walang sapat na ebidensiya.
- B. Nagawa ng sakristan mayor na pagmalupitan ang magkapatid na Basilio at Crispin gaya ng pagkulata nito sa huli sa kabila ng pagiging tagapaglingkod ng simbahan.
- C. Dahil sa matinding kahirapan, hindi maiwasang maging biktima ng *child labor* sina Basilio at Crispin.
- D. Paniwalang-paniwala ang sakristan mayor na si Crispin ang nagnakaw sa nawawalang pera ng simbahan dahil sa pagkakaroon nito ng masama at mabisyong ama.
- E. Hindi nakapagtamasa ng karapatang makapag-aral sina Basilio at Crispin dala ng matinding kahirapan.

- \_\_\_ 1. Ayon sa balita, nawala sa katinuan ang katiwala sapagkat ginugutom siya ng tagapangasiwa ng simbahan sa tuwing may nakakaligtaan siya sa kanyang mga pang-araw-araw na gawain.
- \_\_\_ 2. Paniwalang-paniwala ang babae na ang batang pulubi na kanyang nakasalubong papuntang palengke ang nagnakaw sa nawawalang pitaka nito kaya't halos patayin niya ito dahil sa nag-uumapaw niyang galit.
- \_\_\_ 3. Sinalakay ng mga pulis ang paggawaan ng sardinas dahil sa marami itong menor de edad na manggagawa.
- \_\_\_ 4. Hindi man lang nakatungtong ng elementarya si Pepe, palibhasa'y panganay sa walong magkakapatid kaya't kaagapay siya ng ama sa pag-aararo sa bukid.
- \_\_\_ 5. Agad naniwala ang kapitbahay ni Dindo na siya ang kumuha sa nawawalang pera dahil hindi naging lingid sa lahat ang pagiging sugarol at lasenggo ng kanyang ama.

**(Para sa aytem 6-10)**

**Panuto:** Tukuyin ang mga kaugaliang binanggit mula sa mga kabanata ng nobela na nakatutulong sa pagpapayaman sa kulturang Asyano. Isulat ang titik ng tamang sagot sa inyong kuwaderno.

\_\_\_\_\_ 6. Hindi mawawala sa pista ang masasarap na pagkain tulad ng mga kakanin, minatamis, at mga mamahaling alak mula Europa. Imbitado rin ang mga mamamayan mula sa kalapit na bayan upang matunghayan ang mga pagtatanghal. Panay naman ang pagpapaputok, pag-iingay ng batingaw, at pagtatanghal ng mga musiko upang gawing mas masaya ang pagdiriwang. Ang misa na ay pangungunahan ni Padre Damaso.

- A. paghahanda ng maraming pagkain at mamahaling alak
- B. panay ang pagpapaputok at pag-iingay ng batingaw
- C. pagtatanghal ng musiko upang maging masaya
- D. pagdalo sa banal na misa para sa kapistahan

\_\_\_\_\_ 7. Nagpunta si Ibarra sa bahay ni Pilosopong Tasyo dahil gusto niyang isangguni ang binabalak niyang pagtatayo ng paaralan sa kanilang bayan.

- A. paghingi ng payo sa mga nakatatanda
- B. pakikiusap sa mga nakatatanda
- C. pakikipagkaibigan sa mga nakatatanda
- D. pagpapaumanhin sa mga nakatatanda

\_\_\_\_\_ 8. Pinanabikan ni Sisa ang pagdating ng dalawang anak dahil sa ipinaghanda niya ang mga ito ng hapunang pangkura.

- A. pasasalamat sa biyayang natanggap
- B. pagmamahal ng ina sa kanyang mga anak
- C. pagsasalo-salo sa hapag- kainan ang pamilya
- D. paghihintay ng ina sa pag-uwi ng mga anak

9. Nagparamihan ang manong at manang ng nakamit na *indulgencia plenaria*, ang dasal na siyang tanging kailangan ng mga nagdurusang kaluluwa sa purgatoryo upang mahango sila roon.

- A. pagpaparamihan ng padasal para sa mga kaluluwa
- B. pag-aalay ng dasal para sa kaluluwa ng mga yumao
- C. pasasalamat sa mga biyayang natanggap
- D. pagbibigay-pugay sa mga yumaong mahal sa buhay

10. Sa araw ng kapistahan ng San Diego ay hindi mahulugang karayom ang simbahan kaya nararamdaman ng lahat ang init sa loob.

- A. pagdagsa ng mga tao sa simbahan tuwing kapistahan
- B. pagsasaya ang mga tao sa araw ng kapistahan
- C. pagsisimba ang mga tao sa araw ng kapistahan
- D. pagkakaroon ng kasiyahan sa simbahan tuwing pista

**(Para sa aytem 11-15)**

**Panuto:** Piliin ang titik sa angkop na kahulugan ng mga salitang may diin sa loob ng pangungusap batay sa pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan.

11. Sadyang **mabulaklak magsalita** ang binatang si Albino kaya hindi katakatakang siya ang napili ng dalagang si Victoria na maging katipan.
  - A. Maalam kaya't maraming naibabahagi
  - B. Mahilig magbiro sa kanyang pananalita
  - C. Punumpuno ng mga papuri sa pananalita
  - D. Mabango ang hininga habang nagsasalita
  
12. **Matamang** pinagmamasdan ng mga manonood ang bawat galaw ng mga artistang gumaganap sa palabas sa kapistahan ng San Diego.
  - A. Nasisiyahan
  - B. Seryoso
  - C. Kabado
  - D. Natutulala
  
13. **Sumilang sa labi** ng pari ang mga dakilang mensahe ng Panginoon kaya't seryosong nakinig ang mga tao sa loob ng simbahan.
  - A. Nailabas sa bibig
  - B. Namutawi sa bibig
  - C. Naipanganak gamit ang bibig
  - D. Naisigaw sa bibig
  
14. Sa pagbabalik sa San Diego, hindi pa lubos kilala ni Ibarra kung sino ang **ahas** sa mga taong kanyang nakasalamuha.
  - A. hayop na nanunuklaw
  - B. Hayop na nangangagat
  - C. taong traydor
  - D. taong mapagkunwari
  
15. Taliwas kina Don Pedro Eibarramendia at kay Don Saturnino, ang tatay ni Crisostomo Ibarra ay naging isang mabuting **puno**.
  - A. Angkan
  - B. Lahi
  - C. Magulang
  - D. Kaibigan



## Aralin

# 1

## NOLI ME TANGERE Ang Paggising (Kabanata 15-30)



May kasabihang “ang buhay ay bilog”. Paikot-ikot lamang ang mga pangyayari na ating nararanasan. Ito ang mga kaugaliang bahagi na ng ating buhay.

Ngayon ay balik-tanawan mo ang mga kinagisnang kaugalian na binanggit sa bawat kabanata. Nakalahad din ang makatotohanang pangyayari na naiuugnay sa kasalukuyan.

Magiging kapana-panabik pa ang mga sumusunod na pangyayari. Tara na't galugarin ang mga bagong kaalamang matutuhan!



### **Balikan**

Tiyak kong sinusubaybayan mo ang mga pangayayaring nakapaloob sa bawat kabanata ng “Noli Me Tangere”. Maraming kaganapan mula sa iyong nabasa ang may malaking kaugnayan sa ating buhay, sa ating sarili, sa ating pamilya, sa ating lipunan, sa ating bansa at sa mga bansang napapabilang sa Asya.

Bago mo pag-aralan ang aralin ay balikan muna natin ang iyong natutuhan sa nakaraang modyul.

Muli nating sariwain ang iyong kaalaman sa mga naunang bahagi ng nobelang “Noli Me Tangere” sa pamamagitan ng pagsasagawa sa kasunod na gawain.

## Gawain 1

Ipaliwanag kung paano ipinapakita noon at ngayon ang mga kaugaliang Pilipino na nakatala sa unang hanay.

Kaugaliang Pilipino	Paano pinapakita noon	Paano pinapakita ngayon
1. Paggalang sa matatanda		
2. Pagkakabuklod ng mag-anak		
3. Bayanihan		
4. Panliligaw		
5. Pag-alala sa yumao		

## Gawain 2

Ayusin ang mga pinaghalong letra sa loob ng kahon upang matukoy ang tauhang inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa inyong kuwaderno.

- Siya ay isang pantas kung saan taglay niya ang katangian ni Rizal na mapagpuna sa mga pangyayari sa paligid. Taglay rin niya ang malalim at naiibang pananaw kaya't hindi siya nauunawaan ng marami.

O	S	I	P	O
S	O	G	O	T
L	A	N	P	Y

- Siya ay nakatatandang anak ni Sisa na isang sakristan. Sinasagisag niya ang mga walang malay at inosente sa lipunan.

I		L		I
		O		B
A				S

- Siya ay bunsong kapatid ni Basilio na isa ring sakristan at kasama ring tumutugtog ng kampana sa simbahan.

N		I		S
		C		I
		P		R

4. Siya ay binatang nag-aral sa Europa at nangarap na makapagtayo ng paaralan upang matiyak ang kinabukasan ng mga kabataan ng San Diego.

S	A	T	I	R	O
C	R	O	B	I	
R	O	M	S	A	

5. Ito ay isang bayan sa baybay-lawa na may malawak na bukirin. Tanaw na tanaw mula sa simboryo ng simbahan nito ang buong kabayanan.

N	A	G	I
S	E	D	O

### Gawain 3: Wika

Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa patlang bago ang bilang.

- \_\_\_ 6. Tumutukoy sa pag-aayos ng kahulugan ng salita ayon sa intensidad ng kahulugang nais ipahiwatig.
- A. Talinghaga o Idyoma  
B. Konotasyon at Denotasyon  
C. Tindi ng Kahulugan ng Klino  
D. Paggamit ng kontekstual na clue
- \_\_\_ 7. Tumutukoy sa paraan ng pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan batay sa nauunawaan ayon sa pagkakagamit ng mga ito sa loob ng pangungusap.
- A. Talinghaga o Idyoma  
B. Konotasyon at Denotasyon  
C. Tindi ng Kahulugan ng Klino  
D. Paggamit ng kontekstual na clue
- \_\_\_ 8. Tumutukoy sa isang paraan ng pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan batay sa karaniwang kahulugang mula sa diksyonaryo o salitang ginagamit sa pinakakaraniwan at simpleng pahayag.
- A. Idyoma  
B. Konotasyon  
C. Denotasyon  
D. kontekstual na clue
- \_\_\_ 9. Tumutukoy sa mga pahayag na karaniwang hango mula sa karanasan ng tao, mga pangyayari sa buhay at sa paligid subalit nababalutan ng higit na malalim na kahulugan.
- A. Talinghaga o Idyoma  
B. Konotasyon at Denotasyon  
C. Tindi ng Kahulugan ng Klino  
D. Paggamit ng kontekstual na clue
- \_\_\_ 10. Karaniwang hinango ang kahulugan nito sa karanasan ng tao gaya ng mga pangyayari sa buhay o mga bagay-bagay sa ating paligid.
- A. Talinghaga o Idyoma  
B. Konotasyon at Denotasyon  
C. Tindi ng Kahulugan ng Klino  
D. Paggamit ng kontekstual na clue

## ***Mga Tala para sa Guro***

Magandang araw sa iyo! Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo. Muli, naghanda na naman ako ng aralin na tutulong sa iyo upang tuklasin ang modyul 5: "Ang Paggising".



## ***Tuklasin***



Upang lubos mong maunawaan ang kabanata 15-30 sa Noli Me Tangere, bigyan mo muna ng kahulugan ang mga salitang nakadiin na nagtataglay ng iba't ibang paraan ng pagbibigay- pahiwatig sa kahulugan.

### **Paglinang ng Talasalitaan**

Panuto: Bigyang-kahulugan ang mga salitang nakadiin gamit ang iba't ibang paraan ng pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan.

1. Sa araw ng kapistahan ng San Diego ay **hindi mahulugang karayom** ang simbahan kaya nararamdaman ng lahat ang init sa loob.
2. Muli naman siyang sinalungat ng matanda at sinabing hindi angkop sa bansa ang kaisipang mula Europa at kagaya ng isang halaman, kailangan **yumuko** si Ibarra sa hangin kapag hitik na ang bunga nito upang manatiling matatag.
3. Pinanabikan ni Sisa ang pagdating ng dalawang anak dahil sa ipinaghanda niya ang mga ito ng **hapunang pangkura**.
4. Bawat tingin ng mga tao sa kanya ay tila **sugat na umiiwa** sa kanyang puso.
5. Dahan-dahang lumayo ang dalawang bangka. Nababanaagan na sa silangan ang unang sinag ng **pagbubukang-liwayway**.

<b>Pahayag</b>	<b>Kahulugan</b>
1. hindi mahulugang karayom	
2. yumuko	
3. hapunang pangkura	
4. sugat na umiiwa	
5.pagbubukang-liwayway	

Matapos mong sagutin ang bahaging Paglinang ng Talisalitaan ay basahin mo ang mga kabanata 15 – 30 na sumasaklaw sa temang “Ang Paggising”. Basahin mong may pag-unawa ang bawat kabanata. Pagbutihan mo!

### **Kabanata 15 Mga Sakristan**

Salimbayan ang kidlat at kulog. Kahit may banta ng bagyo, pinatunog pa rin ng dalawa ang kampana sa kampanaryo ngunit hindi nila ito napatunog nang tama.

Gusto nang makauwi ng dalawa lalo’t sa ibinalita ni Pilosopong Tasyo ang tungkol sa hapunang inihanda ng inang si Sisa. Pero patuloy sila sa trabaho sa simbahan. Panay sulsi at tagpi-tagpi ang kanilang mga damit. Napagbintangang nagnakaw si Crispin dahil sa maraming bisyo ang kanilang ama. Halagang dalawang onsa o tatlumpo at dalawang piso ang pinababayaran sa magkapatid gayong dalawang piso lang ang sahod nila kada buwan.

Nakapagbitiw si Crispin ng mga salitang sana ay tunay na nagnakaw na lamang siya para makapagbayad sa ibinibintang na halaga.

Habang nag-uusap ang dalawa, dumating ang sakristan mayor at sinita ang dalawa sa palyadong pagpapatunog sa kampana. Sinabihan din sila na hanggang ikasampu pa sila ng gabi sa simbahan, lagpas na sa ika-9 ng gabing pahintulot upang maglakad sa kalsada.

Sinubukang pakiusapan ni Basilio ang sakristan mayor, ngunit biglang hinila ng sakristan mayor si Crispin pababa sa simbahan. Nagpalahaw ng iyak ang bata at nagpatibuwal. Nakatutulig ang pagpapalahaw ng iyak ni Crispin na sinusundan ng lagapak ng tampal. Ang bawat pagsampal ng sakristan kay Crispin ay nagdudulot ng masakit na pagdaing. Hindi makapaniwala si Basilio sa sinapit na kalupitan ng kapatid subalit wala itong magawa kundi ang tumayo habang kuyom ang mga palad.

Mabilis na pumanhik si Basilio sa ikalawang palapag ng kampanaryo. Kinalag niya ang lubid na nakatali sa kampana at nagpatihulog na padausdos sa bintana. Nuon ang langit ay unti-unti ng nagliliwanag sapagkat tumitila na ang ulan.

## **Kabanata 16**

### **Si Sisa**

Si Sisa ang ina nina Basilio at Crispin na nag-iisang bumubuhay sa kanyang mga anak. Mahal na mahal niya ang kanyang asawa na walang ginawa kundi ang makipagsabong at magwaldas ng salapi. Pinagbubuhatan din ng kamay si Sisa kapag walang maipantustos sa kapritso ng iresponsableng asawa. Nagbenta ang lalaki ng ilan sa mga hiyas ni Sisa upang masunod ang kanyang bisyo. Tanto ng asawa ni Sisa na ibibigay sa kanya ni Sisa ang lahat anuman ang kanyang gustuhin. Subalit sa araw-araw na ginawa ng Diyos ay lalong lumala ang pagmamalupit niya kay Sisa. Mapaghalatang bata pa si Sisa na mababakas sa kanyang pisikal na anyo na taglay ipinangangakong kagandahan. Ngunit bagama't bata pa'y unti-unti nang nahumpak ang kanyang namumurok na pisngi dahil sa gutom at pagtitiis sa asawa. Pinanabikan ni Sisa ang pagdating ng dalawang anak dahil sa ipinaghanda niya ang mga ito ng **hapunang pangkura**. Subalit biglang dumating ang asawa nito at halos ubusin ang mga pagkaing inihanda ni Sisa. Agad din itong umalis bitbit ang sasabungin. Napaiyak si Sisa subalit agad siyang kumilos upang muling makapagsaing at maihaw ang tatlo pang natirang tawilis.

## **Kabanata 17**

### **Si Basilio**

Nakita ni Sisa si Basilio na duguan ang noo kaya't saglit na nahintakutan ito. Pinayapa ni Basilio ang ina sa pagsasabing si Crispin ay naiwan lamang sa kumbento. Isinalaysay nito sa inang nasa daan siya nang makita ng mga guwardiya sibil kaya't pinaputukan siya at dumaplis ang bala sa kanyang noo. Pinaalalahanan nito ang inang walang dapat makakaalam na siya'y tinugis ng mga ito. Kinuwento ni Basilio kay Sisa na si Crispin ay pinaratangan na nagnakaw ng dalawang onsa. Naghimutok si Sisa na pinagbintangan ang anak nitong nagnakaw dala ng kanilang pagiging maralita. Ipinaghahanda ni Sisa ng hapunan si Basilio subalit hindi ito kumain. Napag-usapan nila ang tungkol sa kanyang ama at winika ni Basilio na mas mabuti pa ang kalagayan nila kung wala ang kanilang ama. Sa pagtulog nito ay napanaginipan niya si Crispin na may masamang nangyari rito. Pagkagising ni Basilio ay agad niyang sinabi sa kanyang ina na sunduin na si Crispin sa kumbento, singilin ang kanyang sahod at ayaw niya nang pumasok sa pagkasakristan. Makipagkita na lamang siya kay Don Crisostomo na kararating lamang mula sa Espanya. Makikiusap si Basilio na siya na ang maging tagapastol ng baka o kalabaw at si Crispin naman ay makakapag-aral din kay Pilosopong Tasyo.

## **Kabanata 18**

### **Mga Kaluluwang Nagdurusa**

Maagang gumising si Sisa kinabukasan. Nanguha ng pinakamainam na mga gulay matapos ilagay sa bakol ay dinekorasyon pa niya ng mga bulaklak.

Nang umagang iyon ay napansin ng mga nagsipagdalo ng misa na matamlay si Padre Salvi at ipinagpalagay na may sakit ito. Ang mga naghihintay na manong at manang na nakaupo sa silong ay para ipaalam ang napili nilang magsermon sa kapistahan ng bayan. Si Padre Damaso, Padre Martin o ang coadjutor. Nagparamihan ang manong at manang ng nakamit na indulgencia plenaria, ang dasal na siyang tanging kailangan ng mga nagdurusang kaluluwa sa purgatoryo upang mahango sila roon.

Dumiretso si Sisa sa kusina at namataan niya ang mga alila at sakristan. Inilagay niya ang mga dalang gulay sa hapag kainan at tinanong kung maaari niyang makausap ang kura subalit ipinaalam sa kanyang maysakit ito kaya si Crispin nalang ang hinanap niya. Sinabi ng alila na matapos makapagnakaw ay tumakas si Crispin kaya isinuplong nila sa mga guwardiya civil. Humagulgol si Sisa sa kanyang narinig subalit binalaang huwag mag-ingay sapagkat maysakit ang kura at halos ipinagtulakang paalisin ng mga naroroon.

Matulin siyang lumakad na waring may napagpasiyahang gawin.

## **Kabanata 19**

### **Mga Suliranin ng Isang Guro**

Sa tabi ng lawa makikita sina Ibarra at ang guro na nakatingin sa bahaging pinagtapunan ng bangkay ni Don Rafael.

Ikinukwento ng guro ang mga suliraning kinakaharap niya gaya ng kawalan ng motibasyon ng mag-aaral sa pag-aaral, ang oras na iginugugol, ang kahirapan, at ang pagmemorya ng Kastila. Itinanong ni Ibarra kung ano ang ginawa nito para sa suliranin na ito. Sabi ng guro ay kailangan niya ang iskwelahang mapagtuturuan dahil siya ay nagtuturo sa silong ng kumbento at kung maiistorbo ang kura sa lakas ng boses ng mga mag-aaral sa pagbabasa, agad na bababa at pagagalitan sila. Kailangan niya ng pangalan at kalayaan sa maraming bagay para sa pagpasok ng makabagong reporma sa edukasyon. Pinagtawanan siya at iniinsulto ng pari kaya nanghiram siya ng aklat kay Tandang Tacio para madagdagan ang edukasyon niya.

Marami pang problema ang isinaalaysay ng guro gaya ng kawalan ng kagamitang pampagtuturo tulad ng mga mapa. Nagkasakit pa ang guro at nang magbalik siya ay maraming nawala sa mag-aaral dahil sa pagbabalik ng dating sistema ng pagtuturo - ang pamamalo.

Wala man lang nakaalaalang bumati at nag-alala sa kanyang pagkakasakit, maliban sa mag-aaral niyang tanging dumalaw sa kanya ang hindi nakabalik na anak ng babaeng tagabukid na nabalitaan niyang sakristan daw sa simbahan at hindi na pinapasok ng Sakristan mayor dahil bababa daw ang kanilang katauhan sa pagbabasa.

Sinabi ni Ibarra na huwag mag-alala at titingnan niya kung mayroon ba siyang magagawa. Naghiwalay sila na nabigyang-pag-asa matulungan ang guro dahil sa gagawing pulong nito sa Alkalde Mayor sa bulwagang bayan.

## **Kabanata 20** **Ang Pulong sa Tribunal**

Dalawang pangkat ang nasa bulwagang pulungan para pag-usapan ang pagdaraos ng pista: pangkat ng kabataan o lapiang liberal at ang pangkat ng matatanda o lapiang konserbatibo.

Bago ang pormal na pagpupulong ay lihim na may nabuong balak ang mga liberal. Nagmungkahi ang isa sa kanila, si Don Felipo, ng gawaing paggugulan malaking salapi dahil alam nilang kapag nagmungkahi ang mga bata ay tutulan ng mga matatanda. May nagmungkahi din tulad ni Tandang Tacio ng mga proyektong talagang nais nila at tiyak na magugustuhan ng mga konserbatibo.

Sinimulan ang pulong sa napakahabang talumpati ni Kapitan Basilio. Iniharap naman ni Don Filipino ang kanyang mungkahing nais matalo at gayon nga ang nangyari. Nagmungkahi naman ang batang kabesa na siyang pinagtibay. Sinang-ayunan ng lahat ang mungkahing magkaroon ng bagong palabas at ang sobrang salapi ay gagastusin sa pagpapatayo ng paaralan.

Sang-ayon ang Kapitan subalit ipinaalam nitong iba ang plano ang kura na kailangang sundin. Nalungkot ang lahat sapagkat nawalan ng sagsay ang kanilang pagtatalo.

## **Kabanata 21** **Kasaysayan ng Isang Ina**

Iba't ibang pangitain ang naglalaro sa isipan ni Sisa gaya ng pagkadakip kay Basilio at kung nasaan na si Crispin. Nanlumo ito nang makita ang guwardiya sibil sa kanilang tahanan at agad siyang nagkubli. Nagpasalamat ito matapos makitang nakaalis na ang mga guwardiya sibil na hindi kasama si Basilio.

Subalit sa patuloy niyang paglalakad ay nakasalubong niya ang mga guwardiya sibil at sa kabila ng kanyang pagmamakaawa ay dinampot siya ng mga ito. Kahit nagpauna sa paglalakad ay hiyang-hiya si Sisa sa mga taong nakasalubong nila. Bawat tingin ng mga tao sa kanya ay tila **sugat na umiwa** sa kanyang puso.

Pinalaya naman si Sisa ng alperes matapos ang dalawang oras na pagkakakulong sapagkat naniniwala itong gawa-gawa lamang ng kura ang paratang rito.

Bumalik si Sisa sa tahanan upang muling hanapin ang mga nawawalang anak nito. Maya-maya pa'y nagpagala-gala si Sisa na unti-unting nawawala sa kanyang katinuan. Sinisigaw nito ang pangalan ng kanyang mga anak habang umiiyak hanggang sa siya'y nakatulog.

Kinabukasan, palakad-lakad habang ngumingiti, umaawit at kumakausap si Sisa sa lahat ng bagay.



*(Karagdagang Gawain: Kung may koneksyon sa internet ay pakinggan ang awiting “Sisa” ng bandang Siakol sa <https://www.youtube.com/watch?v=RfkMu0zzrJs/>)*

## **Kabanata 22** **Mga Liwanag at Dilim**

Pinag-ukulan ng tatlong araw at tatlong gabing ang paghahanda para sa pista ng San Diego. Naging usap-usapan ang pagdating ni Maria Clara, ang dalagang kanilang hinahangaan kasama ni Tiya Isabel. Naging paksa rin ang pagbabago ni Pari Salvi na nangangayayat at madalas nagkakamali sa pagmimisa.

Dumating sa San Diego si Crisostomo Ibarra at nagtuloy sa bahay ng kasintahang Maria Clara. Binati ni Crisostomo Ibarra si Pari Salvi nang magkasabay sila patungo kina Maria Clara.

Puno ng pag-ibig na nag-usap ang magkasintahan tungkol sa magaganap na piknik kinabukasan. Aanyayahan ni Maria Clara ang kanyang kaibigan liban kay Padre Salvi dahil natatakot siya sa mga titig at pakikipag-usap ng pari sa kanya. Lumapit ang pari na nagpaalala na baka sipunin sila sa lamig ng simoy ng hangin. Nag-usap sila sa nalalapit na pista ng San Diego. Nagdahilan si Maria Clara upang iwan ang dalawang nag-uusap. Inimbitahan ni Ibarra ang kura sa piknik na tinanggap naman nito.

Nagpaalam si Ibarra at siya’y nilapitan ng isang lalaking humihingi ng tulong para sa dalawang anak na nawawala at asawang nababaliw. Isinalaysay ng lalaki ang nangyari habang sila’y naglalakad.

## **Kabanata 23** **Ang Pangingsda**

Isang pangkat ng kadalagahan kasunod kanilang mga magulang ang masayang nagtungo sa lawa. Maiingay ang mga ito subalit naging walang kibo dumating ang grupo ng kalalakihan.

Magkihiwalay na sumakay sa dalawang malalaking bangka ang mga dalaga’t binata subalit lumipat ang mga binata sa bangka ng mga nahihintakutang dalaga na baka lumubog ang kanilang bangka. Nangisda sila subalit walang isdang nahuli bagkos ay buwaya ang napansing nasa lambat. Agad tumalon ang Piloto ng bangka at iginapos ang buwaya ngunit ito’y muling nakawala kaya’t tumulong si Ibarra upang mapatay ang buwaya.

Nagpasalamat ang Piloto kay Ibarra. Nagpatuloy sila sa paglalakbay at sa isang baklad sa kabila sila nangisda kung saan marami silang isdang nahuli. Maraming putahe ng isda ang naluto. Umahon ang lahat at sa lilim sa tabi ng batis sila nananghalian.

*(Karagdagang Gawain: Pakinggan ang “Canto Patriotico de Maria Clara” sa <https://www.youtube.com/watch?v=dfLseSZby5E/> Kahit nasa wikang Kastila ang awit, sikaping damahin ang emosyon ng awit. Mababasa ang lirikong Filipino ng awit sa <https://www.tagaloglang.com/ang-awit-ni-maria-clara/>)*

## **Kabanata 24**

### **Sa Gubat**

Matapos ang misa ni Padre Salvi ay naghanda na siya papunta sa kagubatan. Binaybay na niya ang daang papuntang gubat. Nang malapit na siya sa dinadausan ng salu-salo ay nakita niya ang mga kadalagahan kaya't nagkubli siya upang panoorin si Maria Clara at mga kaibigan nito.

Nagpatuloy siya sa pinagdausan at naabutan niya doon ang alperes, ang alkalde, bise-alkalde, ang guro, si Kapitan Basilio na ama ni Sinang at ang iba pang inanyayahan ni Ibarra. Masaya ang buong paligid sapagkat asikasong-asikaso ang lahat.

Masayang nananghalian ang lahat habang nag-uusap nang biglang dumating ang marumi't halos buto't balat na si Sisa. Inutos ni Ibarra na pakainin si Sisa subalit kumaripas ng takbo pagkakita sa alperes. Matapos kumain ay may naglaro ng baraha, ang iba'y ahedres at ang mga dalaga'y naglaro sa Gulong ng Kapalaran na nahinto sapagkat pinunit ni Pari Salvi ang aklat nito sa paniniwalang kasalanan ang kanilang ginagawa at agad umalis.

Biglang dumating ang ilang guwardiya sibil na naghahanap sa Piloto ng bangka subalit hindi na nila nakita.

Matapos ang pagsasaya ay nilisan nila ang gubat.

## **Kabanata 25**

### **Sa Bahay ng Pilosopo**

Napunta si Ibarra sa bahay ni Pilosopo Tasyo upang isangguni ang binabalak niyang pagtatayo ng paaralan sa kanilang bayan. Abala ang matanda gayunman, si Tasyo na mismo ang huminto sa ginagawa upang kausapin ang binata.

Binuksan ni Ibarra ang kaniyang plano sa matanda. Sinabi ng matalinong matanda na hindi dapat sa kaniya isinasangguni ang mga plano, bagkus sa mga makakapangyarihang tao tulad ng mga kaparian sa simbahan. Tumugon si Ibarra na ayaw na umano niyang mabahiran ng kabuktutan ang maganda niyang hangarin. Sinalungat ng Pilosopo at sinabing mas makapangyarihan pa ang simbahan kaysa pamahalaan. Kung nais ng binata na magtagumpay sa kaniyang mga plano, marapat daw na padaanin ito sa simbahan na siyang may hawak sa lahat. Naniniwala siya sa kapangyarihan ng pagiging liberal. Muli naman siyang sinalungat ng matanda at sinabing hindi angkop sa bansa ang kaisipang mula Europa at kagaya ng isang halaman, kailangan yumuko si Ibarra sa hangin kapag hitik na ang bunga nito upang manatiling matatag.

Napaisip si Ibarra bago umalis, nag-iwan pa si Tasyo ng salita kay Ibarra na kung hindi man siya magtagumpay sa plano nito, ay may uusbong na sinuman upang magpatuloy ng kaniyang mga nasimulan.

## **Kabanata 26** **Bisperas ng Pista**

Ang buong San Diego ay abala dahil sumapit na ang ika-sampu ng Nobyembre. Hudyat na ng bisperas ng kapistahan. Kaniya-kaniyang gayak ang mga maykayang pamilya sa lugar katulad ng pagdedekorasyon ng kanilang mga tahanan at paglalagay ng mga palamuti at mamahaling mga kagamitan.

Hindi mawawala sa pista ang masasarap na pagkain tulad ng mga kakanin, minatamis, at mga mamahaling alak mula Europa. Imbitado rin ang mga mamamayan mula sa kalapit na bayan upang matunghayan ang mga pagtatanghal. Panay naman ang pagpapaputok, pag-iingay ng batingaw, at pagtatanghal ng mga musiko upang gawing mas masaya ang pagdiriwang. Ang misa na pangungunahan ni Padre Damaso.

Abala ang lahat sa pista, abala rin si Ibarra sa pagpapatayo ng kaniyang paaralan. Hango ang disenyo nito sa mga paaralan sa Europa. Hiwalay din ang lalaki sa babae. May malaking bodega at hardin.

Ang perang gugugulin sa paaralan ay mula kay Ibarra. Tumanggi siya sa tulong na alok ng mga mayayaman at mga pari sa pagpapatyo ng paaralan. Marami ang humanga sa ginawang ito ni Ibarra. Ngunit lingid sa kaniyang kaalaman ay marami din ang hindi natuwa at may sama ng loob.

## **Kabanata 27** **Sa Pagtatakip- silim**

Si Kapitan Tiago ang isa sa mga may malalaking handaan para sa pista. Sinadya niyang magparami ng handa dahil nagpapasikat ito kay Ibarra na kaniyang mamanugangin. Tanyag kasi si Ibarra sa Maynila at nailalathala pa sa mga pahayagan.

Iba't iba ang mga handa at produktong dumarating sa bahay ni Tiyago bago pa man ang bisperas ng pista. Nang makarating sa tahanan at makita ang anak, binigyan ni Tiago si Maria Clara ng isang agnos na mayroong diyamante at Esmeralda bilang pasalubong.

Dumating na rin si Ibarra para makita ang mag-ama. Mayroong mga nag-aya kay Maria Clara na mamasyal na pinahintulutan naman ni Kapitan Tiago. Inaya rin ni Kapitan si Ibarra na sa kanila na maghapunan sapagkat darating si Padre Damaso ngunit tumanggi ito.

Sinamahan ni Ibarra ang katipang si Maria sa pamamasyal kasama ang mga kaibigan ng dalaga. Nang makarating sa plasa, nakita nila ang isang lalaking ketongin na umaawit sa tugtog ng kaniyang gitara. Habang pinandidirihan ng lahat ang ketongin,

naawa si Maria Clara dito at iniabot ang pasasalamat na mamahaling agnos ng ama. Sa tuwa, lumuhod sa pasasalamat ang ketongin.

Maya-maya pa ay dumating naman si Sisa. Itinuro nito ang kampanaryo at sinabing naroon ang anak na si Basilio. Itinuro din niya ang kumbento at sinabing naroon ang anak na si Crispin. Umalis din agad si Sisa, gayundin ang ketongin. Namulat sa katotohanan si Sisa na napakarami palang mahihirap sa kanilang bayan.

## **Kabanata 28** **Mga Sulat**

Katulad ng inaasahan, nailathala sa mga pahayagan sa Maynila ang magarbong pagdiriwang ng pista sa San Diego. Napasama sa balita ang marangyang paghahanda sa pista, ang mga makakapangyarihang tao, mga pagtatanghal, at ang pangangasiwa ng mga pareng Pransiskano sa pista.

Nabalita ang pagkaroon ng prusisyon ng mga santo at santa sa buong bayan. Nagkaroon din ng mga pagtatanghal tulad ng komedya na labis na ikinaaliw ng mga pari dahil sa wikang Kastila ito ginawa. Mayroon din namang pagtatanghal para sa mga Pilipino.

Hindi rin nawala ang pagtatanghal ng mga musiko. Mayroong dalawang bandang nagtanghal noong bisperas ng pista na simbolo ng karangyaan noon. May sayawan din kung saan nakita ng marami ang pagsayaw ni Kapitan Tiago.

Gayunman, nababalot ng lungkot si Maria Clara dahil ilang araw na niyang hindi nasisilayan si Ibarra. May sakit kasi ito. Kaya minarapat ng kasintahan niyang sulatan ang binata.

Ayon sa sulat ni Maria Clara na inihatid ni Andeng sa kanilang bahay, patuloy daw ang pagdadasal ng dalaga para sa paggaling katipan kaya't ipinagtulos niya ito ng kandila. Ikinuwento rin ni Maria ang sapilitang pagtugtog at pagsayaw niya sa sayawan na siya namang ikinayamot niya. Nakasaad din sa sulat ang di nito pagdalo sa paglalagay ng unang bato sa bahay-paaralan sakaling hindi dadalaw si Ibarra.

## **Kabanata 29** **Ang Umaga**

Sa mismong araw ng kapistahan, abala ang mga tao sa San Diego. Nagising sila nang maaga dahil sa tunog ng kampana at mga paputok. Naggayak ang mga maykayang mamamayan ng kanilang pinakamagagarang damit at pinakamahal na mga alahas at palamuti.

Kapansin-pansin naman na hindi nagpalit ng kasuotan si Pilosopo Tasyo. Binati siya ng tinyente ngunit sinagot siya ni Tasyo. Sinabi nito na paglulustay lamang ng pera at oras sapgkat may mas mahahalagang bagay kaysa sa pista. Sumang-ayon naman si Don Filipo sa sinabi ng matanda. Gayunman, wala siyang lakas ng loob na sumalungat sa mga pari.

May sakit naman si Padre Damaso na dapat magmimisa sa araw na iyon. Tumanggi na siya sa pagbibigay ng sermon ngunit pinilit siya ng ibang pari dahil siya lamang umano ang nakapagbibigay ng aral sa mga taga-San Diego. Dahil doon, agad na nagpapahid ng langis at nagpahilot si Damaso upang guminhawa ang pakiramdam.

Saktong alas-otso ng umaga nang magsimula ang prosisyon ng mga santo. Kahit sa pagprusisyon, mababatid ang pagkakaiba-iba ng antas ng mga mamamayan. Sa suot na abito ay malalaman agad kung sino ang mararangya at hindi.

Natapos ang prusisyon sa tapat ng bahay nina Kapitan Tiago. Naroon ang alkalde, si Kapitan Tiago, si Maria Clara, at si Ibarra.

### **Kabanata 30** **Sa Simbahan**

Sa araw ng kapistahan ng San Diego ay **hindi mahulugang karayom** ang simbahan kaya nararamdaman ng lahat ang init sa loob.

Walang tigil ang dagsa ng mga tao. May dalawang daan at limampung piso ang naging kabayaran ng misa. May paniniwala kasi noon na marapat nang magbayad ng malaking halaga para sa misa kaysa sa mga panooring komedya.

Maaari ka raw kasing dalhin sa langit ng misa, di katulad ng mga komedya na sa impyerno raw ang tungo.

Matagal bago nakapagsimula ang misa. Wala pa kasi ang alkalde na sinadyang magpahuli upang mapansin ng lahat. Ilang sandali pa ay dumating na ito, suot ang limang medalya na sumisimbolo sa kaniyang posisyon.

Ito na rin ang naging hudyat para magmisa si Padre Damaso kahit hindi maganda ang pakiramdam. Kasama niya sa harap ng altar ang dalawang sakristan at iba pang pari katulad ni Padre Sibyla. Pawang mga kilalalang tao ang nakaupo malapit sa altar. Gayunman, tanging masasakit na salita at panlalait ang sinabi ni Padre Damaso sa kapwa pari si Padre Martin na siyang nagmisa sa bisperas ng pista.

## Alam mo ba?

### Iba't Ibang Paraan ng Pagbibigay-Pahiwatig sa Kahulugan

#### 1. Pagbibigay kahulugan sa Talinhaga o Idyoma

- Ang salitang talinhaga ay mula sa pariralang “tali ng hiwaga” o salitang nagtataglay ng “hiwaga” dahil sa malalim, nakatago o kakaiba nitong kahulugan.
- Ang matatalinghagang pahayag ay mga salitang may kahulugang taglay na naiiba sa karaniwan.
- Ito ay mga pahayag na di tuwirang nagbibigay ng kahulugan.
- Karaniwang hinango ang kahulugan nito sa karanasan ng tao gaya ng mga pangyayari sa buhay o mga bagay-bagay sa ating paligid.
  
- Mga Idyoma - mga pahayag na karaniwang hango mula sa karanasan ng tao, mga pangyayari sa buhay at sa paligid subalit nababalutan ng higit na malalim na kahulugan. Ang kahulugan ng mga idyoma sa ating wika ay nakaugnay sa kultura, kasaysayan at pamumuhay ng ating lahi kung kaya, malalim man ang kahulugan ng mga ito, ay kaya pa ring maunawaan ng mga kabataan kung kilala nila nang lubos ang ating lahi at bansa.

Mga halimbawa at kahulugan nito:

- ✓ balat-sibuyas - maramdamin
- ✓ buto't balat - payat na payat
- ✓ ilista sa tubig - kalimutan
- ✓ butas ang bulsa - walang pera
- ✓ bahag ang buntot - duwag

#### 2. Denotasyon at Konotasyon

*Denotasyon* – literal o karaniwang kahulugan ng salita mula sa diksyunaryo

Mga halimbawa at kahulugan nito:

- ✓ Ang ganda ng mga **bulaklak** sa kanyang hardin. (bahagi ng halaman na karaniwang mabango at makulay)
- ✓ Malaki na ang **punong** itinanim ko sa bahay. (halamang lumalaki nang mataas)

*Konotasyon* – may dalang nakatagong kahulugan o pansariling kahulugan ng isang tao

Mga halimbawa at kahulugan nito:

- ✓ Maraming naggagandahang **bulaklak** na dumalo sa pagtitipon. (babae)
- ✓ Kadalasang mababait ang mga anak na nanggaling sa mabubuting **puno**. (magulang)

### 3. Tindi ng Kahulugan o Klino

- pag-aayos ng kahulugan ng salita ayon sa intensidad o tindi ng kahulugang nais ipahiwatig.

Poot- matinding galit na halos gusto nang makapanakit

Suklam- matinding galit sa dibdib na matagal bago mawala

Galit- tumatagal na inis

Tampo- munting galit na madaling mawala

Pikon- damdamin ng pagkagalit bunga ng maliit na bagay lamang

### 4. Paggamit ng *contextual na clue*

- Ang kahulugan ng salita ay mauunawaan ayon sa pagkakagamit sa pangungusap.

Mga halimbawa:

Ang **panganganlong** ng tulisan sa kagubatan ay hindi nalingid sa mga guwardiya sibil. (pagtatago)

Isang **marusing** na babae ang dumating sa pagtitipon. (marumi)



## ***Suriin***

### **Gawain 1**

Sa pagkakataong ito ay iyong susuriin ang pagkamakatotohanan sa bahagi ng nobelang “Noli Me Tangere” na iyong binasa sa pamamagitan ng pagsagot mo sa mga tanong tungo sa malalimang pag-unawa sa iyong aralin.

1. Nangyayari pa rin ba sa kasalukuyan ang mga naranasan nina Crispin at Basilio? Patunayan.

---

---

2. Bakit kinakailangang pagtuunan ng pansin ng pamahalaan ang mga isyung may kaugnayan sa paglabag sa karapatan at kagalingan ng mga batang Pilipino? Paano mo tinitiyak na natatamasa mo ang lahat ng iyong mga karapatan bilang kabataang Pilipino?

---

---

3. Ilarawan ang ugaling ipinakita ni Sisa bilang ina at asawa. Mayroon pa kayang Sisa sa kasalukuyan? Bilang babae, paano maiiwasan ang mga kasawiang naranasan ni Sisa?

---

---

4. Ilarawan ang pagdiriwang ng pista ng San Diego. Paano ipinagdiriwang ang pista sa inyong lugar ngayon?

---

---

5. Ano-ano ang mga kaugaliang Pilipino ang nabanggit sa teksto? Paano kaya na nakatulong ang mga ito sa pagpapayaman sa kulturang Asyano? Ipaliwanag ang iyong sagot.

---

---



## Gawain 2

Maraming pangyayari mula sa mga kabanatang binasa ang masasabi nating makatotohanan. Sumulat ng talata sa sagutang papel na na binubuo ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa anim. Tiyaking naiugnay sa mga pangyayari sa kasalukuyan ang nilalaman ng talata. Magbanggit ng makatotohanang isyu o balitang nagaganap ngayon na may kaugnay sa mga pangyayaring nakatala.

Pangyayari sa Akda: Pang-aabuso at pagmamaltrato sa mga bata  
Pag-uugnay at pagpapatunay na nangyayari ito sa kasalukuyan

---

---

---

---

Pangyayari sa Akda: Pagiging iresponsable at malupit na padre de pamilya  
Pag-uugnay at pagpapatunay na nangyayari ito sa kasalukuyan

---

---

---

---

Pangyayari sa Akda: Pagdaraos ng magarbong kapistahan  
Pag-uugnay at pagpapatunay na nangyayari ito sa kasalukuyan

---

---

---

---


Pangyayari sa Akda: Sistema ng Edukasyon na natalakay sa Kabanata 19  
Pag-uugnay sa kalagayan ng Sistema ng edukasyon batay sa iyong karanasan.

---

---

---

---



## ***Pagyamanin***



Upang higit pang mapalawak ang iyong kaalaman sa paksang pinag-aaralan, subuking masagutan ang mga gawaing nakapaloob sa bahaging ito. Galingan!

### **Gawain 1**

Punan ng tamang sagot ang bawat kahon.

Makatotohanan ba ang akdang binasa?	
O O	H I N D I
MGA PATUNAY	MGA PATUNAY

## Gawain 2

Lagyan ng tsek (✓) ang kahong naglalahad ng mga kaugalian makikita sa kabanata 15-30 ng nobela. Sa patlang ay sumulat ng isang patunay na umiral o taglay pa ang mga kaugaliang ito sa kasalukuyan.

1. Saktong alas-otso ng umaga nang magsimula ang prosisyon ng mga santo na nagtapos sa tapat ng tahanan ni Kapitan Tiyago.

Patunay \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

2. Sa tahanan ni Maria Clara ay puno ng pag-ibig na nakipag-usap sa katipang si Crisostomo Ibarra para sa magaganap na piknik kinabukasan.

Patunay \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

3. Ang pag-upo sa mesa o hapag kainan na kung saan may espesyal na lugar ang mga bisita sa iyong tahanan.

Patunay \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

4. Pag-alala sa mga yumaong mahal sa buhay dinadalaw at inalayan natin ng bulaklak o kandila.

Patunay \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

5. Hindi mawawala sa pista ang masasarap na pagkain tulad ng mga kakanin, minatamis, at mga mamahaling alak mula Europa.

Patunay \_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_

## Gawain 3

Tukuyin kung anong paraan ng pagbibigay pahiwatig sa kahulugan ang ginamit at ipaliwanag ang iyong sagot.

1. Sa kanyang mukha ay mababakas ang kagandahan ng ugali.

Sagot: \_\_\_\_\_

Paliwanag:

\_\_\_\_\_

2. Isaayos ang mga salita ayon sa tindi ng kahulugan nito. Isulat ito sa hagdan na makikita sa ibaba.

- a. inis      b. suklam      c. galit      d. poot

4.
3.
2.
1.

Sagot:

---

Paliwanag:

---

3. Nainis si Padre Damaso sa ipinakitang ugaling Alemanya ni Ibarra. Binigyang diin niya na ang pagkilos ng binata ay mapagmataas.

Sagot:

---

Paliwanag:

---

4. Ang aliwalas ng langit ng Italya ay nagpapagunita sa akin ng iyong mata... ng iyong ngiti.

Sagot:

---

Paliwanag:

---

5. Parang daloy ng kuryente ang biglang pagkalat ng balitang maghahanda si Kapitan Tiyago.

Sagot:

---

Paliwanag:

---



## **Isaisip**

Napapanahon nang lagumin ang iyong natutunan sa araling ito. Kaya't dumako na tayo sa kasunod na gawain. Pagbutihin mo!

### **Gawain 1**

Punan ang sumusunod na talahanayan. Isulat sa kuwaderno ang mga kasagutan.

<b>ANO ANG IYONG MGA NATUTUNAN?</b>	<b>GAANO ITO KAHALAGA?</b>


### **Gawain 2**

Punan ang mga sumusunod na pahayag.

Isa sa mga kaugalian na aking natutuhan mula sa binasa ay \_\_\_\_\_, sa aking palagay dapat itong \_\_\_\_\_ upang \_\_\_\_\_.

Kung sakaling ako magiging alagad ng simbahan ang gusto kong gawin ay \_\_\_\_\_ para maging \_\_\_\_\_.

Bilang isang mabuting mamamayan, ang aking gagawin para sa aking bayan ay \_\_\_\_\_ tulad ng \_\_\_\_\_ ito'y munting tulong na nagbibigay sa akin ng kasiyahan.



## ***Isagawa***

**Panuto:** Basahin nang may pag-unawa ang sumusunod na tanong. Sagutin ito at isulat sa kwaderno.

1. Kung ikaw ay isang SK Chairman ng inyong lugar, ano ang iyong magagawa o maitutulong sa paghahanda ng inyong kapistahan upang gawin itong tunay na makabuluhan? Magtala ng limang panukala at ipaliwanag.

a. \_\_\_\_\_

b. \_\_\_\_\_

c. \_\_\_\_\_

d. \_\_\_\_\_

e. \_\_\_\_\_

2. Sa inyong palagay, mayroon ba kayong nakitang hindi magandang katangian ng mga Pilipino na tinalakay sa araling ito? Paano natin ito maiwawasto?

---

---

---

---

---



# Tayahin

## Gawain 1

Basahin nang may pag-unawa ang sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa inyong kwaderno.

### (Para sa aytem 1-3)

Hindi mawawala sa pista ang masasarap na pagkain tulad ng mga kakanin, minatamis, at mga mamahaling alak mula Europa. Imitado rin ang mga mamamayan mula sa kalapit na bayan upang matunghayan ang mga pagtatanghal. Panay naman ang pagpapaputok, pag-iingay ng batingaw, at pagtatanghal ng mga musiko upang gawing mas masaya ang pagdiriwang. Ang misa na pangungunahan ni Padre Damaso.

1. Alin sa mga pangyayari ang ginagawa tuwing pista ang nagaganap pa rin sa kasalukuyan?
  - a. maraming panauhin
  - b. maraming masasarap na pagkain
  - c. pagsisimba
  - d. lahat ng nabanggit
  
2. Aling kaugalian ang binanggit sa seleksyong nasa unang bilang ang nakatutulong sa pagpapayaman sa kulturang Asyano?
  - a. Paghahanda ng maraming pagkain at mamahaling alak
  - b. Panay ang pagpapaputok at pag-iingay ng batingaw
  - c. Pagtatanghal ng musiko upang maging masaya
  - d. Pagdalo sa banal na misa para sa kapistahan
  
3. Ang pagdiriwang ng kapistahan ay bahagi ng kulturang Pilipino, bakit kailangan nating pahalagahan ang kaugaliang ito?
  - a. dahil ito ay pamana ng ating mga ninuno
  - b. dahil ito ay tatak sa ating pagka- Pilipino
  - c. dahil nakatutulong ito sa paghubog ng ating pakatao.
  - d. lahat ng nabanggit

Nakatutulig ang pagpapalahaw ng iyak ni Crispin na sinusundan ng lagapak ng sampal. Ang bawat pagsampal ng sakristan mayor kay Crispin ay nagdudulot ng masakit na pagdaing.

4. Aling makatotohanang pangyayari sa seleksyon ang maiuugnay hanggang sa kasalukuyan?
  - a. Malakas umiyak ang mga bata sa ngayon kapag pinapalo.
  - b. Maging tagapagsilbi ng simbahan ay nakagagawa ng pagmamalupit sa kapwa.
  - c. Mga bata ang kadalasang nasasampal sa panahon ngayon.
  - d. Pagsampal ang madalas na paraan ng pagdedesiplina sa mga bata ngayon.

Kahit nagpauna sa paglalakad ay hiyang-hiya si Sisa sa mga taong nakasalubong nila. Bawat tingin ng mga tao sa kanya ay tila **sugat na umiwa** sa kanyang puso.

5. Batay sa mga salitang may diin, alin ang paraan na ginamit sa pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan?
- a. Talinhaga o Idyoma
  - b. Konotasyon at Denotasyon
  - c. Tindi ng Kahulugan ng Klino
  - d. Paggamit ng contextual na clue

Masayang nananghalian ang lahat habang nag-uusap nang biglang dumating ang marumi't halos **buto't balat** na si Sisa.

6. Batay sa pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan, alin ang angkop na kahulugan ng mga salitang may diin sa loob ng pangungusap?
- a. Gutom na gutom
  - b. Payat na payat
  - c. Nagugutom
  - d. Nangangayayat

Gusto nang makauwi nina Basilio at Crispin lalo't ibinalita ni Tasyo ang tungkol sa hapunang inihanda ng inang si Sisa. Pero patuloy sila sa trabaho sa simbahan. Panay sulsi at tagpi-tagpi ang kanilang mga damit.

7. Anong makatotohanang pangyayari sa seleksyon ang nangyayari hanggang sa kasalukuyan?
- a. Pagkahilig ng mga bata ngayon na makauwi sa kanilng bahay.
  - b. Nalalaman ng ibang tao ang inihahandang hapunan ng ina ng tahanan.
  - c. Sa kasalukuyan, kadalasan ay naghahanapbuhay ang mga menor de edad dahil sa labis na kahirapan.
  - d. Sa ngayon, simbahan kadalasang nagtatrabaho ang mga batang mahihirap.

**Sumilang sa labi** ng pari ang mga dakilang mensahe ng Panginoon kaya't seryosong nakinig ang mga tao sa loob ng simbahan.

8. Batay sa mga salitang may diin, alin ang paraan na ginamit sa pagbibigay-pahiwatig sa kahulugan?
- a. Talinhaga o Idyoma
  - b. Konotasyon at Denotasyon
  - c. Tindi ng Kahulugan ng Klino
  - d. Paggamit ng contextual na clue

Nagpunta si Ibarra sa bahay ni pilosopong Tasyo dahil gusto niyang isangguni ang binabalak niyang pagtatayo ng paaralan sa kanilang bayan.


9. Ano ang kaugaliang nabanggit sa seleksyon na nakatutulong sa pagpapayaman sa kulturang Asyano?
- a. Pagsangguni sa mga nakatatanda
  - b. Pakikiusap sa mga nakatatanda
  - c. Pakikipagkaibigan sa mga nakatatanda
  - d. Pagpapaumanhin sa mga nakatatanda



Si Sisa ang ina nina Basilio at Crispin na nag-iisang bumubuhay sa kanyang mga anak. Mahal na mahal niya ang kanyang asawa na walang ginawa kundi ang makipagsabong at magwaldas ng salapi. Pinagbubuhatan din ng kamay si Sisa kapag walang maipantustos sa kapritso ng iresponsableng asawa. Nagbenta ang lalaki ng ilan sa mga hiyas ni Sisa upang masunod ang kanyang bisyo. Tanto ng asawa ni Sisa na ibibigay sa kanya ni Sisa ang lahat anuman ang kanyang gustuhin.

10. Aling makatotohanang pangyayari mula sa akda ang maiuugnay sa kasalukuyan?


- a. Pagiging iresponsable ng padre de pamilya
- b. Pagiging martir ng isang asawa
- c. Pagiging malupit ng padre de pamilya
- d. Lahat ng nabanggit



## ***Karagdagang Gawain***

Sa iyong *journal notebook*, gawin ang gawaing ito. Isulat ang mga sagot sa mahalagang tanong para sa araling ito.

**“Bilang isang kabataan, ano ang magagawa mo upang muling buhayin ang mga magagandang kaugaliang Pilipino na unti-until ng nakalimutan ng mga bagong henerasyon?”**



## Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: center;"><b>Subukin</b></p> <p>1. B 2. A 3. C 4. E 5. D 6. D 7. A 8. B 9. B 10. C 11. C 12. B 13. B 14. A 15. C</p>	<p style="text-align: center;"><b>Alamin</b></p> <p>Gawain 1 (Depende sa sagot ng mag-aaral)</p> <p>Gawain 2</p> <p>1. Pilosopo Tasyo 2. Basilio 3. Crispin 4. Crisostomo Ibarra 5. San Diego Gawain 3</p> <p>6. C 7. D 8. C 9. A 10. A</p>	<p style="text-align: center;"><b>Pagymanin</b></p> <p>Gawain 1 (Depende sa sagot ng mag-aaral)</p> <p>Gawain 2</p> <p>1. / 2. / 3. 4. 5. /</p> <p>Gawain 3</p> <p>1. Contextual clue 2. Tindi ng kahulugan 3. Konotasyon 4. Idyoma 5. Idyoma</p>	<p style="text-align: center;"><b>Tayahin</b></p> <p>1. D 2. D 3. D 4. B 5. A 6. C 7. C 8. A 9. A 10. D</p>
---	---	---	---

# **Sanggunian**

## **Aklat**

Dillague, Nora M. et al. 1996. Modyul sa Noli Me Tangere  
Quezon City: Souvenir Production Inc.

## **Websayt:**

Ang Awit ni Maria Clara. 2002. <https://www.tagaloglang.com/ang-awit-ni-maria-clara/>

Inang Laya .2018. Canto Patriotico De Maria Clara  
<https://www.youtube.com/watch?v=dfLseSZby5E>

Siakol . 2016. Sisa <https://www.youtube.com/watch?v=dfLseSZby5E>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \*